





# Ang Araw At Ang Buwan



**N**oong unang panahon, ang mundo ay pinamumunuan ni Tatang. Anak niya si Apolaki at si Mayari. Sa dalawang bata galing ang unang liwanag. Ang mga tao sa lupa, mga ibon sa kalawakan, mga hayop sa bundok, at mga isda sa dagat ay masaya dahil sa biyayang dulot ng liwanag. Dahil dito, naging kaibigan ng magkapatid ang mga nilikha sa mundo.

Mahal na mahal ni Tatang ang kaniyang mga anak. Ayaw niyang mahiwalay ang mga ito sa kaniya. Kahit pagod, lagi pa rin niyang ginagabayan ang mga anak.




Sa paglipas ng panahon, tumanda at humina na si Tatang. Hindi na niya masubaybayan ang kaniyang mga anak. Hiniling niya na lagi siyang samahan ng mga ito. Pero hindi siya sinunod ng mga anak.



Isang araw, nagkasakit nang malubha at tuluyang namatay si Tatang. Hindi niya nasabi sa mga anak kung ano ang gusto niyang mangyari sa kaharian.


Nang mamatay ang ama, gusto ni Apolaki na siya ang mamuno sa kaharain. Pero gusto rin ni Mayari na mamuno. Kaya naglaban sila gamit ang






kawayan. Matagal ang labanan nila.  
Sa katapusan, tinamaan ang isang mata ni  
Mayari at nabulag ito.

Nang nakita ni Apolaki ang nangyari sa kapatid,  
labis siyang nalungkot at nagsisi. Nagpasiya siyang  
maghati sila ng kapangyarihan.



Si Apolaki ang magiging pinuno kapag araw.  
Tinawag siyang Araw. Si Mayari ang magiging pinuno  
kapag gabi. Tinawag siyang Buwan. Mas mahina ang  
liwanag mula kay Mayari dahil isa lang ang mata niya.



Mula noon, sila ay nagsama nang payapa at  
naging maligaya ang buong mundo.

